



Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 143
IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAPASIYAHAN BLG. 444
Serye ng 2024

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG MALUGOD NA PAGPAPARANGAL SA MGA NATATANGING MANILEÑO AT MGA NEGOSYO SA GINANAP NA GAWAD MANILEÑO 2024 NOONG IKA-17 NG HUNYO, 2024 SA MANILA METROPOLITAN THEATER, BILANG PAGKILALA SA KANILANG NATATANGING KONTRIBUSYON SA LUNGSOD AT BANSA

MGA MAY AKDA: **KGG. NUMERO G. LIM**, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRISTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ELMER M. PAR, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, Punong Minorya, KGG. ERNESTO C. ISIP, JR., Punong Mayorya at KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO, Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo



SAPAGKAT, ang Lungsod ng Maynila ay nagdiwang ng Gawad Manileño 2024 noong ika-17 ng Hunyo, 2024 sa Manila Metropolitan Theater bilang bahagi ng paggunita sa Araw ng Maynila. Ang naturang selebrasyon ay nagbigay-daan upang kilalanin ang kahusayan at dedikasyon ng mga indibidwal at mga negosyo sa iba't ibang larangan;

SAPAGKAT, sa nasabing okasyon, si Ginoong Ramon S. Ang ng San Miguel Corporation ay binigyan ng prestihiyosong Gawad Gat Andres Bonifacio dahil sa kanyang hindi matatawarang ambag hindi lamang sa Lungsod ng Maynila kundi pati na rin sa buong Pilipinas. Ang kanyang natatanging liderato at mga proyektong pangkaunlaran ay nagbigay ng malaking pakinabang sa sambayanang Pilipino;

SAPAGKAT, bukod kay G. Ramon S. Ang, binigyang pagkilala rin ang mga sumusunod na indibidwal at kumpanya na nagpakita ng kahusayan sa iba't ibang larangan, bilang mga inspirasyon at huwaran sa kanilang mga komunidad:

a.) Mga Natatanging Tagapagbayad ng Real Property Tax:

1. Asian Terminals Incorporated - Isang pangunahing kumpanya sa larangan ng port operations na patuloy na nag-aambag sa ekonomiya ng Maynila sa pamamagitan ng maayos at makataong pagbayad ng buwis sa "real property".
2. Manila North Harbour Port, Inc. - Isang kompanyang nagpapanatili ng mataas na antas ng serbisyo sa kanilang operasyon sa daungan, na nagresulta sa malaking kita para sa lungsod.
3. Megaworld Corporation - Kilalang "real estate developer" na nagtataguyod ng mga proyektong pangkaunlaran sa Maynila, na nagdulot ng pagtaas ng kita mula sa "real property tax".
4. SM Prime Holdings, Inc. - Isang nangungunang kumpanya sa sektor ng "retail" at "real estate" na nagbibigay ng malaking ambag sa buwis ng lungsod.
5. International Container Terminal Services, Inc. - Isang pandaigdigang lider sa pamamahala ng mga container ports, na nagpapakita ng kanilang dedikasyon sa pagbayad ng tamang buwis.
6. Robinsons Land Corporation - Isa sa mga pangunahing "real estate developers" na nagtataguyod ng mga proyektong komersyal at residensyal sa Maynila.
7. Petron Corporation - Pinakamalaking kumpanya ng langis sa bansa, na hindi lamang nagbibigay ng enerhiya kundi pati na rin ng malaking kontribusyon sa buwis ng lungsod.

b.) Mga Natatanging Tagapagbayad ng Buwis Para sa Negosyo:

1. International Container Terminal Services, Inc. - Patuloy na nagpapakita ng kanilang dedikasyon sa pagbayad ng tamang buwis mula sa kanilang kita sa negosyo.
2. Mercury Drug Corporation - Isang pangunahing tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan at pamilya, na nagpapakita ng kanilang integridad sa pagbabayad ng buwis.
3. Asian Terminals, Incorporated - Kilala sa kanilang kontribusyon sa sektor ng logistics at transportasyon, na nagpapakita ng kanilang pagsunod sa batas sa pagbabayad ng buwis.

P

4. Manila North Harbour Port, Inc. - Ang kanilang kita mula sa "port operations" ay nagbibigay ng malaking bahagi sa buwis ng negosyo ng lungsod.
 5. Puregold Price Club, Inc. - Isang pangunahing kumpanya sa "retail industry", na nag-aambag ng malaking buwis mula sa kanilang kita.
 6. Philippine Chinese Charitable Association, Inc. - Isang non-profit na organisasyon na nag-aambag sa buwis mula sa kanilang mga negosyo para sa mga serbisyong pangkawanggawa.
 7. SM Prime Holdings, Inc. - Patuloy na nag-aambag ng malaking bahagi sa buwis ng negosyo mula sa kanilang operasyon sa "retail" at "real estate".
 8. Golden Arches Development Corporation - Kilala bilang operator ng McDonald's sa bansa na nagbibigay ng malaking ambag sa buwis ng negosyo.
- k.) Mga Natatanging Employer na Nagbibigay Trabaho sa mga Manileño:
1. Jolly Management Solutions, Inc. - Isang kumpanya na nagbibigay ng employment opportunities para sa mga Manileño na nagtataguyod ng kahusayan at kasipagan.
 2. Acabar Marketing International, Inc. - Nagbibigay ng trabaho sa maraming Manileño sa pamamagitan ng kanilang mga marketing solutions.
 3. Fieldmen Janitorial Services Corporation - Isang kumpanya na nagbibigay ng serbisyo sa paglilinis at "maintenance" na nagbibigay ng trabaho sa maraming Manileño.
 4. Topserve Service Solutions, Inc. - Kilala sa kanilang serbisyo sa outsourcing, na nagbibigay ng trabaho sa iba't ibang sektor.
 5. Sanford Marketing Corp. (SM Savemore) - Isang pangunahing kumpanya sa "retail" na nagbibigay ng trabaho sa maraming Manileño sa kanilang mga tindahan.
- d.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Sosyo-Sibikong mga Gawain:
- Action on Smoking & Health Philippines - Isang organisasyong nagtataguyod ng mga programang pangkalusugan laban sa paninigarilyo, na nagbibigay ng malaking ambag sa kalusugan ng publiko.
- e.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Kapakanan at Pagpapaunlad ng Kabataan:
- BYE Tondo - Building Youth Empowerment Tondo - Isang organisasyong naglalayong magbigay ng mga oportunidad sa kabataan ng Tondo upang mapaunlad ang kanilang mga kakayahan at maabot ang kanilang mga pangarap.
- g.) Natatanging Manileño sa Larangan ng mga Gawaing Pambarangay:
- P/B Jefferson C. Lau, Brgy. 281 Zone 26, District III - Isang barangay captain na nagpakita ng kahusayan at dedikasyon sa paglilingkod sa kanyang komunidad.

h.) Natatanging Manileño sa Larangan ng mga "Sports":

- Paul John Dalistan Lee - Isang atleta na nagdala ng karangalan sa Maynila sa pamamagitan ng kanyang kahusayan sa larangan ng "sports".

i.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Mass Media:

- Emilio C. Yap III - Isang kilalang personalidad sa mass media na nagbigay ng malaking ambag sa impormasyon at edukasyon ng publiko.

l.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Kultura at Sining:

- Arch. Froilan C. Robas - Isang arkitekto na nagpakita ng kahusayan sa kanyang mga proyekto sa kultura at sining na nagdala ng karangalan sa Maynila.

m.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Mataas na Edukasyon:

- Dr. Esperanza C. Cabrera - Isang edukador na nagpakita ng kahusayan sa larangan ng mataas na edukasyon na nagbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral.

n.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Mababang Edukasyon:

- Reynora V. Laurenciano - Isang guro na nagpakita ng dedikasyon sa pagtuturo at paghubog ng mga kabataan sa mababang paaralan.

ng.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Pampublikong Kalusugan:

- Dr. Gina F. Pardilla, MPH, MPM, FPAMS - Isang doktor na nagpakita ng kahusayan sa larangan ng pampublikong kalusugan na nagbigay ng malaking ambag sa kalusugan ng publiko.

o.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Pagpapatupad ng Kapayapaan at Kaayusan:

- PLTCOL Roberto A. Mupas - Isang pulis na nagpakita ng kahusayan at dedikasyon sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa Maynila.

p.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Panghukuman (Metropolitan Trial Court):

- Hon. Anne Perpetual S. Rivera-Sia - Isang hukom na nagpakita ng kahusayan at katarungan sa kanyang paglilingkod sa Metropolitan Trial Court.

r.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Panghukuman (Regional Trial Court):

- Hon. Jacqueline S. Martin-Balictar - Isang hukom na nagpakita ng integridad at dedikasyon sa kanyang paglilingkod sa Regional Trial Court.

s.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Serbisyo ng Pag-uusig:

- Hon. Lourdes Austria Gatdula - Isang prosekutor na nagpakita ng kahusayan at katarungan sa kanyang paglilingkod sa serbisyo ng pag-uusig.

N

t.) Natatanging Manileño sa Larangan ng Pag-arte sa Pelikula:

- Maria Rosario Navarro "Charo" Santos-Concio - Isang kilalang personalidad sa industriya ng pelikula na nagbigay ng karangalan sa Maynila sa pamamagitan ng kanyang kahusayan sa pag-arte.

u.) Gawad Rajah Sulayman:

- Roselita T. Ilagan, Manila City Library - Isang dedikadong tagapamahala ng aklatan na nagpakita ng kahusayan sa larangan ng serbisyo publiko sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagbabasa at edukasyon.


w.) Gawad Gat Andres Bonifacio:

- Ramon S. Ang - Isang kilalang negosyante na nagbigay ng malaking ambag sa kaunlaran ng Maynila at ng buong Pilipinas sa pamamagitan ng kanyang mga proyekto at programa.

KAYA, NGAYON, mangyaring


IPINASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapahayag ng malugod na pagpaparangal sa mga natatanging Manileño at mga negosyo sa ginanap na Gawad Manileño 2024 noong ika-17 ng Hunyo, 2024 sa Manila Metropolitan Theater, bilang pagkilala sa kanilang natatanging kontribusyon sa lungsod at bansa.

PINAMUNUAN NI:


JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 18 ng Hunyo 2024.

PINATUNAYAN:


LUCH R. GEMPIS, JR.
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

JMG/RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/jrp